

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Nangangako ang Lungsod ng Brampton na sumali sa BlackNorth Initiative; pinapatibay ang commitment sa pagtanggali ng rasismo kontra sa Black**

BRAMPTON, ON (Hunyo 17, 2021) – Sa Hunyo 16, magkaisang nangako ang Konseho ng Lungsod ng Brampton na sumali sa [The BlackNorth Initiative](#).

Sa pangangako at pagpirma sa inisyatiba, sumali ang Lungsod ng Brampton sa higit sa 450 global na mga organisasyon na nagsisikap tungo sa pagtanggali ng mga systemic na balakid na kontra Black na negatibong nakakaapekto sa buhay ng mga Black Canadian.

Ang partnership na ito ay aayon sa trabaho ng Unit ng Pagpapalakas ng Ekonomiya at Kontra Rasismo sa Black ng Lungsod, sa ilalim ng Equity Office, at payagan ang access sa malaking network ng mga eksperto ng organisasyon para sa komunidad ng Black sa Brampton, pahintulutan ang mas malawak na mga oportunidad ng networking, magbigay ng mentorship, at bumuo ng mga pagkakataon ng partnership at pagtutulungan para sa mga engagement sa hinaharap.

Patuloy na gumagawa ang Lungsod ng aksyon para harapin ang rasismo kontra sa Black sa ating lungsod. Noong Hunyo 10, 2020, magkaisang inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang panukala na lumikha ng Black African and Caribbean Social, Cultural and Economic Empowerment & Anti-Black Racism Unit. Nilalayon ng Unit na bumuo ng action plan para tanggalin ang systemic na rasismo kontra-Black sa Brampton sa gabay mula sa lokal na mga stakeholder ng komunidad. Sa loob ng nakalipas na taon, nagdaos ang Unit ng maraming engagement at event ng komunidad at mga stakeholder para itaguyod ang mas mabuting relasyon sa komunidad ng Black, pati na rin ang edukasyon at mga ahensya/organisasyon ng pamahalaan.

Magpapatuloy ang Unit sa pagkakaroon ng mahalagang strategic at malalimang konsultasyon sa komunidad ng Black at mga stakeholder, at gaganap ito ng mahalagang papel sa pagbuo ng action plan na tutukoy sa mga inisyatiba para matugunan ang mga systemic na balakid sa lungsod, Alamin ang mas marami pa tungkol sa Unit sa [brampton.ca/antiblackracism](http://brampton.ca/antiblackracism).

### **Tungkol sa BlackNorth Initiative**

Pinamunuan ng Canadian Council ng mga Lider sa Negosyo na Laban sa Systemic na Rasismo Kontra Black, ang BlackNorth Initiative ay itinatag noong 2020 para tumugon sa malinaw na hindi pagkakapantay-pantay na nakikita sa buong corporate Canada at tanggalin ang systemic na mga balakid kontra Black na negatibong nakakaapekto sa mga buhay ng mga Black Canadian. Ang misyon ng BlackNorth Initiative ay dagdagan ang representasyon ng mga Black sa mga boardroom at executive suite sa buong Canada. Habang nagbibigay ng suporta sa mga pangako ng corporate Canada, bumuo at nagpatupad din ang BlackNorth Initiative ng ilang buod na mga programa na tumarget at sumusuporta sa Black Canadian sa buong hanay ng mga lugar, kabilang ang mentorship sa negosyo, pang-uugnay na programa ng pagmamay-ari ng bahay, at programa sa kalusugan ng isip para sa mga kabataan na Black. Alamin ang mas marami pa sa [blacknorth.ca](http://blacknorth.ca).

**Tungkol sa Equity Office**

Pinapasulong ng Lungsod ng Brampton ang Termino ng Prayoridad ng Konseho na ang Brampton ay isang Mosaic sa pamamagitan ng pagtatag sa mga pundasyon ng isang Equity Office para paglingkuran ang mga empleyado at mga mamamayan nito. Ang Equity Office, na kinaroroonan ng Unit ng Pagpapalakas sa Ekonomiya at Laban sa Rasismo sa Itim, ay magsisikap para siguruhin ang patas at pantay-pantay na pagtrato sa lahat ng indibidwal at itaguyod ang nagkakasundong kapaligiran sa kapwa loob ng Lungsod at para sa mga residente nito. Noong Nobyembre 2019, inilunsad ng Lungsod ng Brampton ang bagong limang taon na Pagkakaiba-iba sa Lugar ng Trabaho at Estratehiya ng Pagsasali sa Lahat Work Plan, na nagtatakda sa mga oportunidad para itaguyod ang mas nagsasaling pang-prganisasyong kultura na pinapasali, pinapaunlad at ipinagmamalaki ang mga tao nito, at hinihikayat ang diverse o magkakaibang manggagawa.

**Mga Quote**

“Ang pangako na ito ay muling nagkukumpirma sa commitment ng Lungsod ng Brampton na wakasan ang systemic na rasismo sa ating lungsod. Mahigpit na nagtutulungan sa, at bumubuo ng mahalagang trabaho, ang ating Unit ng Pagpapalakas sa Ekonomiya at Laban sa Rasismo sa Itim, magkakaroon tayo ng mas malawak na pananaw at lalapit sa komunidad ng Black para makinig, matuto at mag-commit sa paggawa ng totoo, nakakaapektong mga pagbabago na tutulong na matanggal ang systemic na mga balakid na umiiral sa ating lungsod.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa loob ng nakalipas na taon, ang Unit ng Pagpapalakas sa Ekonomiya at Laban sa Rasismo sa Itim ng Lungsod ay nagtakda ng pundasyon at ngayon ay nagtatrabaho tungo sa proseso ng malaliman na konsultasyon sa komunidad, na tutulong sa pag-develop ng pambuong katauhan na limang taon na action plan para i-embed ang pagkakaiba-iba sa buong lungsod. Ang pakikipagtulungan sa panlabas na mga organisasyon, tulad ng BlackNorth Initiative, at ang pagbuo ng mga partnership ng komunidad ay gaganap ng napakahalagang papel sa pagtulong sa atin na buuhin ang plano na ito at sasandal sa network ng mga eksperto para isagawa ang plano na ito.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Pinupunan at tinutukoy ng BlackNorth Initiative ang malaking puwang – ang kakulangan ng suporta para sa mga negosyo at propesyonal na Black sa corporate Canada. Ito ay pagkakataon para sa mga korporasyon at mga influencer na isagawa ang antas ng responsibilidad sa lipunan sa pagtanggap ng mga systematic na balakid sa dinidiskriminang mga komunidad sa buong bansa. Kahanga-hanga ang kanilang abdokasiya para sa tagumpay at pag-uugnay sa talento, mga negosyo, kabataan at komunidad ng Black. Ito ay pinaka-unang inisyatiba at labis akong nananabik sa mga posibilidad na darating.”

- *Gwyneth Chapman, Senior Advisor, Economic Empowerment and Anti-Black Racism, Lungsod ng Brampton*

“Hinahangaan namin ang Lungsod ng Brampton sa pagiging pangalawang munisipalidad para sumali sa BlackNorth Initiative, nangangakong tugunan ang issue ng systemic na rasismo kontra sa Black at sa negatibong epekto nito sa mga mamamayan na Black sa kanilang komunidad. Nagpapasalamat kami kay Mayor Patrick Brown at sa Mga Konseho ng Lungsod ng Brampton para sa kanilang

pamumuno sa pag-commit na palakasin at iangat ang komunidad ng Black sa pamamagitan ng paggawa ng maresultang aksyon. Inaasam namin ang pakikipagtulungan sa mga munisipalidad sa buong bansa”

- *Wes Hall, Tagapagtatag, The BlackNorth Initiative*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)